DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE - CAR
RELEASED
AUG 11 2021
By: Date:

Republic of the Philippines
**Department of Education**
Cordillera Administrative Region
Wangal, La Trinidad, Benguet

Agosto 11, 2021

**PANGREHIYONG MEMORANDUM**
**Blg:** 341 . 2021

**KARAGDAGAN SA PANREHIYONG MEMORANDUM BLG. 282, s. 2021: IN-HOUSE DEVELOPMENT AND VALIDATION OF TOOLS FOR THE MOTHER TONGUE BASED-MULTILINGUAL EDUCATION (MTB-MLE) REGIONAL READING COMPREHENSION ASSESSMENT TEST (MTB-MLE RCAT)**

To: OIC-Pangalawang Direktor
Tagapamanihala ng mga Paaralang Pansangay
Sa lahat ng mga Kinauukulan
Lahat ng Dibisyon

1. Kaugnay sa Pangrehiyong Memorandum Blg. 282, s. 2021 na pinamagatang **In-House Development and Validation of Tools for the Mother Tongue Based-Multilingual Education (MTB-MLE) Regional Reading Comprehension Assessment Test (MTB-MLE RCAT)** na inilabas noong Hulyo 9, 2021 ay magkakaroon ng isang araw na pagsasama ang tagapaglinang at tagasuri ng mga tanong sa lahat ng limang lengguwahe. Ito ay gaganapin sa Agosto 23, 2021 sa Bulwagan ng CRSHS, Wangal, La Trinidad, Benguet sa ika-8 ng umaga.

2. Ang layunin ng gawaing ito ay upang magkaisa ang dalawang pangkat na baguhin kung kinakailangan, pabutihin, at ayusin ang mga katanungan binuo sa Ibaloy, Kankana-ey, Ilokano, Filipino at Ingles para sa pinal na pag-encode.

3. Ang lahat ng mga gurong sumapi sa pagbuo at pagwasto ng mga katanungan para sa mag-aaral ng ikaapat na baitang ay mabibigyan ng tatlong araw (3) na service credits sa araw ng Hulyo 26, 27, 28 para sa tagapaglinang at tatlong (3) araw rin para sa mga tagasuri noong Hulyo 26, 29 at 30, 2021. Ang dalawang pangkat ay mabibigyang uli ng isang (1) araw na service credit sa araw ng Agosto 23, 2021 para sa pinal na pagsasaayos sa mga tanong at pag-eencode.

4. Kaugnay nito, makikita sa talahanayang nasa ibaba ang iskedyul ng mga Gawain.

**Address:** Wangal, La Trinidad, Benguet, 2601
**Telephone No:** (074) 422 – 1318 | **Fax No.:** (074) 422-4074
**Website:** www.depedcar.ph | **Email Address:** car@deped.gov.ph
ISO 9001:2015 Certified
**Quality Management System**
DE-50500784 QM15

Republic of the Philippines

# Department of Education

**Cordillera Administrative Region**

**Wangal, La Trinidad, Benguet**

**Matrix ng Pagsasanay**

| Petsa | Mga Gawain | Mga Kalahok | Lugar na Pagdausan | Mamumuno |
|---|---|---|---|---|
| Agosto 23, 2021 | Pagsusuri at pagsasaayos sa mga binuong katanungan na nasusulat sa English, Filipino, Ilokano, at Kankana-ey para sa pag-eencode | Mga piling guro sa English, Filipino at mga gurong batikang magsalita at umunawa sa mga katutubong wikang Ibaloy, Kankana-ey at Ilokano | CRSHS, Wangal, La Trinidad, Benguet | CLMD |

5. Huwag kalimutang dalhin ang laptop at extension cord maging ang kopya ng mga tanong (soft copy).

6. Ang unang pagkain ay magsisimula sa agahan ng Agosto 23, 2021 at ang huling pagkain ay hapunan ng parehong araw. Ang gagastuhin para sa pagkain ay manggagaling sa pundo ng ELLN samantalang ang gagastuhin sa pamasahe papunta at pabalik sa pagdadausan ng seminar ay kukunin sa anumang lokal na pundo o maaaring mapagkukunan na ipon sundin lamang ang dating mga patakaran at regulasyon sa pagtutuos at pag-audit.

7. Para sa karagdagang detalye o paglilinaw, maaaring makipag-ugnayan kina Carmel F. Meris, Hepe ng CLMD sa Cellphone blg. 09205929554 o kay Thelma T. Dalay-on, Tagapag-ugnay ng MTB-MLE sa Cellphone Blg. 09208866918.

8. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng memorandum na ito.

**ESTELA LEON-CARIÑO EdD, CESO III**
Direktor IV/Panrehiyong Direktor

Sa pamamagitan ng awtoridad ng Panrehiyong Direktor:

**EDGARDO T. ALOS**
Hepe, Administrative Officer
Administrative Division

**CLMD/CFM/ttd**